# KAPASIYAHAN BLG. 2023-71

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 02, H-2022 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA ANNUAL BUDGET PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG MILYON, PITONG DAAN TATLONG LIBO, SIYAM NA DAAN AT SIYAM NA PISO (₱7,703,909.00)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*

**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Cambaog para sa kanilang Annual Budget na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng ₱7,703,909.00;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabarangay ng Cambaog at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Sangguniang Barangay ng Cambaog ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 02, H-2022 Ng Sangguniang Barangay ng Cambaog, Bustos, Bulacan na nauukol sa Annual Budget para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Pitong Milyon, Pitong Daan Tatlong Libo, Siyam na Daan at Siyam na Piso (₱7,703,909.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-3 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasanggunі | **Leo T. Santos**<br>Kasanggunі |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasanggunі | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasanggunі |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasanggunі | **Soliman C. Santos**<br>Kasanggunі |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasanggunі | **John Erick L. Perez**<br>Kasanggunі |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-3 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim